# Mga Parking Meter at Pay Station

**Pangkalahatang Impormasyon,(Rates) Halaga, at Mga Araw na Libre ang Parking**

[Mga Pay Station: Madaliang Impormasyon]
[Mga Pay Station: Pangkalahatang Impormasyon]

Ang Departamento ng Transportasyon ng Seattle (Seattle Department of Transportation o SDOT) ay may pangakong titiyakin nila na ang parking sa kalsada ay pangangasiwaan upang magamit nang lubusan ang limitadong kurbadong lugar (curb space) sa downtown ng Seattle, at sa mga kalapit na distritong may mga negosyo. Ang isang paraan upang makamit ito ay ang paggamit ng mga may bayad na parking device gaya ng mga pay station. Sa kasalukuyan, ang lungsod ay may humigit-kumulang na 10,400 na lugar para sa parking na may bayad, na pangunahing makikita sa downtown Seattle at sa mga kalapit na distrito ng mga nagnenegosyo. Noong taong 2004, sinimulan ng Lungsod ang isang tatlong-taong plano upang mapalitan ang karamihan ng mga single-space parking meters (parking meter para sa lugar na pang-isahan lamang) ng mga pay station.

**Layunin**

Ang parking na may bayad ay para sa mga sumusunod na layunin:

1. Lumilikha ang mga ito ng pang-maiklsing panahong parking na malapit sa mga tindahan at iba pang mga negosyo (lalong-lalo na kung saan ang mga karatula tungkol sa hangganan ng panahon o time-limit signs ay hindi nanghihikayat ng sapat na pagpapalit-palit kaagad ng sasakyan o turnover).

2. Hinihikayat ng mga ito ang pagkakaroon ng isang sapat na dami ng parking sa kalsada (on-street parking) para sa maraming iba-ibang gumagamit ng parking, maayos na paggamit ng mga pasilidad para sa parking sa labas ng kalsada (off-street parking), at sa malawakang paggamit ng sakayan (transit) at iba pang mga alternatibong transportasyon.

3. Pinapaganda ng mga ito ang daloy ng trapiko at pinagaganda ang takbo ng ekonomiya sa mga komersiyal na lugar, sa pamamagitan ng pagkakaroon ng pinakamaraming mamimili na may sasakyan, na bibisita dito.

4. Kumikita ang mga ito para sa Lungsod ng Seattle. Humigit-kumulang sa $15.2 na milyon ang nakolekta noong 2002 para sa mga layuning may kaugnayan sa transportasyon, sunog, pulisya, serbisyong panlipunan at iba pang layunin ng pamahalaan.

**Metro ng Parking at Ang Pay Station**

Lahat ng mga ipinatutupad na binabayarang parking sa lungsod ng Seattle, maliban na lamang ang nasa South Lake Union, ay nagkakahalaga ng $1.50 kada oras. Ang balangkas ng babayaran ay nasa sumusunod:

- 2 minuto = $0.05
- 4 na minuto = $0.10
- 10 minuto = $0.25
- 40 minuto = $1.00
- 60 minuto = $1.50

Sa South Lake Union, ang SDOT noon ay nagsimulang maglagay ng mga pay station noong 2007, nagkaroon ng parking na babayaran kapag ginamit sa loob ng 2-oras, $1.25 kada oras, at araw-araw na parking na hanggang sa 10 oras, na babayaran ng $0.75 kada oras.  Marami pang impormasyong **makikita dito.**

**Mga Oras ng Operasyon**

Ang mga oras ng parking meter at pay station sa Lungsod, sa pangkalahatan, ay mula 8:00 ng umaga hanggang 6:00 ng hapon, Lunes hanggang Sabado (ang parking sa lahat ng mga metro at pay station sa Lungsod ay libre kapag Linggo).  May ilang mga istasyon ng parking kung saan ang mga metro at pay station ay nagsisimula sa ika-9 ng umaga.  Ang mga ito ay nasa lokasyon kung saan ang parking ay may restriksyon kapag kasagsagan ng dami ng mga bumibiyahe sa umaga (Bawal Mag-park 7:00 nu - 9:00 nu). **Kung hindi ka sigurado, tingnan ang mismong metro o pay station at naroroon ang mga oras na gumagana ang metro, at ang mga araw na may operasyon na makikita sa naturang lokasyon ng metro/istasyon.**

**Mga Araw na Libre ang Parking**

Lahat ng Linggo
Enero 1
Ikatlong Lunes ng Enero
Ikatlong Lunes ng Pebrero
Huling Lunes ng Mayo
Hulyo 4
Unang Lunes ng Setyembre
Nobyembre 11
Ika-apat na Huwebes ng Nobyembre
Disyembre 25

Kung matapatan mo ang **sirang metro ng parking o pay station** sa Lungsod ng Seattle, **tumawag sa (206) 684-5260** 24 na oras kada araw upang maipag-bigay alam ang sirang metro/istasyon.

**Maaari bang mapalitan ang haba ng panahon o uri ng may bayad na parking o kurbadang lugar sa aming lugar?** Ang mga nagmamay-ari ng mga ari-arian na malapit sa mga lugar ng parking na may bayad (metro o pay station) ay maaaring makipag-ugnayan sa SDOT, upang pag-aralang mabuti kung posibleng lagyan ng mga pagbabago ang paggamit sa mga kurbadang lugar.  Maaaring isama dito ang paggagawa ng mga adjustment o pag-aakma, sa pinakamatagal na panahon para sa parking, o instalasyon, pag-aalis, o pagbabago ng uri ng sonang sakayan ( load zone), na kasunod ng, o malapit sa ari-arian.  Ang epekto ng anumang pagbabago ay isasaalang-alang, sa gamit ng mga kalapit na lupa at sa mas malaking pangangailangan sa transportasyon ng mga nakapalibot ditong bloke at/o koridor.

**Ano ang gagawin ko kung susubukan kong mag-park at makikita ko na sira ang metro ng parking o pay station?**
Sinasabi sa Seattle Municipal Code (SMC 11.76.010) na labag sa batas ang mag-park sa, o malapit sa isang may bayad na lugar ng parking (metro o pay station), kung saan ang metro o pay station ay hindi gumagana. Kung makakatapat kayo ng isang sirang metro o pay station sa Lungsod ng Seattle, **tumawag sa (206) 684-5260** upang iulat ito.  Ikinalulungkot ng SDOT ang abalang dulot ng mga sirang metro o pay station, at kukumpunihin nila ang mga ito sa lalong madaling panahon.

**Kulay ng mga Takip ng Metro ng Parking**

Ang Lungsod ng Seattle ay gumagamit ng ilang uri ng takip para sa metro, sa pangangasiwa ng mga parking




meter, at ang mga ito ay inilalarawan sa ibaba:

Ang **asul na takip** ay nangangahulugan na isang sasakyang ginagamit sa serbisyo ang gumagamit sa lugar na ito. Sa ilang mga pagkakataon, ang isang sasakyang ginagamit sa serbisyo ay kailangang mag-park nang malapit sa kinaroroonan ng isang tawagan para sa serbisyo (service call), at ang mga kumpanya ay maaaring kumuha ng isang taunang permit, sa halagang mapahihintulutan silang gumamit ng isang asul na takip. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagkuha ng permit para sa isang sasakyang ginagamit sa serbisyo, **tumawag sa (206) 684-5086**.




Ang **dilaw na takip** ay nangangahulugang "Bawal ang Mag-Park mula 7:00 nu. hanggang 6:00 nh, Lunes - Sabado." Ang hood ay ginagamit sa paglikha ng isang **Pansamantalang Sona kung saan Bawal ang Mag-Park (Temporary No Parking Zone**), at anumang sasakyang nakaparada sa isang lugar na may dilaw na hood sa mga tinukoy na oras ay nasa panganib na matiketan. Ang mga sasakyan ay maaaring pumarada sa mga ganitong lugar sa gabi pagkatapos ng 6:00 n.h. (o kung Linggo), basta't lilisanin ang lugar bago mag 7:00 n.u. Para sa karagdagang impormasyon, **tumawag sa (206) 684-5086**.




Ang **pulang takip** ay nangagahulugang "**Tow-Away Zone( Sona kung saan Hihilahin ang Sasakyan**)", at anumang sasakyang naka-park sa isang lugar na may pulang hood ay nasa panganib na matiketan kaagad, ma- mahila, at ma-impound. Upang malaman kung ang iyong sasakyan ay hinila, **tumawag sa (206) 684-5444** (Departamento ng Pulisya sa Seattle). Pangkaraniwang ginagamit ang mga pulang takip ng mga kontraktor kung may isinasagawang konstruksyon. Para sa karagdagang impormasyon, **tumawag sa (206) 684-5086**.